State of California — Health and Human Services
Department of Health Care Services
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850

Y-

JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

# Mahalagang Impormasyon tungkol sa Iyong Medi-Cal

Mayron kang Medicare at Medi-Cal. Natatanggap mo ang liham na ito dahil ang paraan kung paano mo nakukuha ang iyong mga benepisyong **Medi-Cal** ay nagbabago. **Dapat** kang mag-enroll ngayon sa isang planong pag-aalaga na pinamamahalaan ng Medi-Cal upang matanggap ang iyong mga serbisyo ng Medi-Cal, kabilang ang Long Term Services and Supports. Ang dahilan para sa pagbabagong ito ay upang makatulong na mas mabuting gumana ang iyong mga serbisyong Medi-Cal. Hindi maaapektuhan ng pagbabagong ito ang iyong Medicare coverage o ang kakayahan mong magpatingin sa iyong doktor sa Medicare.

Mangyaring maingat na basahin ang liham na ito. Padadalhan ka namin ng impormasyon at mga materyales sa pagpapa-enroll sa planong pangkalusugan sa humigit-kumulang na isang buwan.

**Paano ako maaapektuhan ng pagbabagong ito?**

Ang iyong planong Medi-Cal ay:

- Magkokoordina sa lahat ng iyong mga serbisyong sakop ng Medi-Cal kabilang ang Long Term Services and Supports.
- Magbabayad sa ilang pagbabahagi ng gastos ng Medicare.
- Sasakop sa lahat ng mga ibang serbisyo na hindi sakop ng Medicare, katulad ng ilang medikal na transportasyon, ilang mga medikal na supply, at ilang mga de-resetang gamot.

**Ano ang hindi magbabago sa aking healthcare?**

Kapag nag-enroll sa isang planong Medi-Cal:

- HINDI babaguhin ang iyong Medicare.
- HINDI babaguhin ang alinman sa iyong mga benepisyong Medi-Cal.

- HINDI babaguhin ang iyong pagiging nararapat sa Medi-Cal o hindi ka magkakagasta ng ekstra.

**Ano ang Medi-Cal Long Term Services and Supports?**

Ito ay mga hindi-medikal na serbisyo na tutulong sa iyo sa mga pangangailangan mo sa personal na pag-aalaga at serbisyong pangsuporta. Kung hindi mo makuha ang mga serbisyong ito ngayon, matutulungan ka ng planong Medi-Cal na makuha sila sa hinaharap, kung kwalipikado ka.

- Ang **In-Home Supportive Services (IHSS)** ay mga personal na serbisyo sa pag-aalaga para sa mga taong kailangan ng tulong upang ligtas na mabuhay sa mga tahanan nila. Kung nakakatanggap ka ng IHSS ngayon, hindi magbabago ang mga serbisyo mo. Maaari mong mapanatili ang iyong mga tagapagbigay ng IHSS at maaari ka pa ring mag-hire, mag-fire at mamahala sa mga provider mo.
- Ang mga sentro ng **Community-Based Adult Services (CBAS)** ay nagbibigay ng pang-araw na pag-aalaga ng kalusugan katulad ng nursing, therapy, mga aktibidad at mga pagkain para sa mga tao na may ilang hindi gumagaling na kalagayan sa kalusugan. Kung nakakatanggap ka ng CBAS ngayon, hindi magbabago ang mga serbisyo mo.
- Ang **Multipurpose Senior Services Program (MSSP)** ay nagbibigay ng serbisyong koordinasyon ng lipunan at pag-aalaga ng kalusugan para sa mga taong nasa edad na 65 at mas matanda. Kung nakakatanggap ka ng MSSP ngayon, matatanaggap mo pa rin ito sa pamamagitan ng iyong kasalukuyang mga provider ng MSSP. Makikipagtrabaho ang iyong planong Medi-Cal sa kanila para mas mabuting ikoordina ang pag-aalaga sa iyo.
- **Pag-aalaga sa nursing home:** Kung kasalukuyan kang nasa isang nursing home ngayon, hindi mo kailangang palitan ang iyong nursing home. Makikipagtulungan ang plano mo sa iyong doktor at nursing home para mas mabuting makoordina ang pag-aalaga sa iyo.

**Maaari ko bang panatiliin ang aking mga doktor sa <u>Medicare</u> matapos akong mag-enroll sa isang planong Medi-Cal?**

Oo. Ang iyong mga doktor sa Medicare ay hindi magbabago.

**Maaari ko bang panatiliin ang mga provider ng <u>Medi-Cal</u> matapos akong mag-enroll sa isang planong Medi-Cal?**

Kakailanganin mong suriin sa iyong planong Medi-Cal para matukoy kung nagtatrabaho ang mga provider mo sa plano. Ang iyong mga Long Term Services and Supports provider, katulad ng IHSS, CBAS, MSSP o mga pasilidad ng nursing ay hindi magbabago. Ngunit maaaring kailangan mong palitan ang ibang mga provider ng Medi-Cal at mga vendor, katulad ng mga supplier ng durable medical equipment.

**Kailan ko kailangang mag-enroll sa isang planong Medi-Cal?**

Makakatanggap ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpipilian mo para sa isang planong Medi-Cal. Kung hindi ka pumili, pipili ng plano para sa iyo at ie-enroll ka sa isang planong Medi-Cal simula sa 00/00/0000.

**Ano ang dapat kong gawin ngayon?**

- Talakayin ang mga pagpipilian mo sa kaninomang may alam tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga sa kalusugan at iba pa, katulad ng iyong pamilya, mga kaibigan, iyong mga doktor, o iyong lokal na mga provider ng Long Term Services and Supports.
- Hintayin sa mail ang isang pakete mula sa Health Care Options makaraan ang mga isang buwan.

**Para sa tulong o karagdagang impormasyon**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Medicare, mangyaring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Kung gusto mong pumili ng ibang planong Medi-Cal, at/o makuha ang liham na ito sa ibang wika o kahaliling format – katulad ng malaking print, audio, o Braille, pakitawagan ang:

**Health Care Options**
Lunes - Biyernes, 8 am - 5 pm
1-844-580-7272 • TTY: 1-800-430-7077
www.HealthCareOptions.dhcs.ca.gov